

1

Matapos ang mahigit isang kilometrong pagtakbo ay huminto si Violet at hinabol ang paghinga. Hinugot niya ang isang manipis na face towel at isang bote ng tubig mula sa sling bag niya habang naglalakad naman ngayon paakyat sa trail ng *Punta Del Mar*, ang isa sa mga dinarayong lugar sa kanilang bayan.

Punta is a point of land extending into the vast sea. Pataas iyon na umaabot nang mahigit isandaang metro at patag ang pinakatuktok na may viewing deck, ilang stone benches at kasya ang sampung sasakyan sa itinakdang parking space.

It has a majestic view of the *Pacific Ocean* and the entire town. Mula sa poblacion ay may sariling daan ang mga sasakyan patungo roon habang sa magkabilang gilid ay may inilaang trail para sa mga hikers na gustong taluntunin ang mas matarik na daan paakyat. Doon sana niya balak dumerecho bilang bahagi ng kanyang weekly workout routine.

Wala pang alas siete ng umaga at araw ng Sabado. It usually took her thirty minutes to get to the top but as she placed the towel and water bottle back inside her bag, her forehead knotted at the familiar

hum of a motorcycle.

Ang hum na ilang segundo lang ang itinagal bago napalitan ng nakalulunogs na tunog ng tila pag-aalboroto ng makina nito hanggang sa tila naghihinalong huminto. Narinig niyang tila may bumagsak, ang kaluskos ng mga dahon at nabaling mga sanga. Iginala ni Violet ang tingin sa kapaligiran, ngunit wala siyang makitang ibang tao. Ilang metro mula sa kinatatayuan niya ang ang masukal na bahagi ng daan paakyat, at mukhang doon nanggaling ang ingay na narinig niya. Habang palapit ay dinig ng dalaga ang pag-ungol.

Binilisan ni Violet ang lakad hanggang sa makita ang isang katawang nakabulagta malapit sa batuhan. May dalawang metro mula rito ay ang motorsiklong nakatagilid, ngunit tila wala namang sira. Itinutok niya ang tingin sa sakay niyon.

The man was obviously tall, his long legs sprawled over twigs and fallen leaves. His lean arms and muscles evident through a light forest green jacket, he lay motionless on his side. Dumikit na sa gilid ng mukha nito ang damo, dahon at lupa. At may dugong naglalandas mula roon.

The man was not wearing a helmet. Patuloy ito sa pag-ungol na tila nasasaktan o nagdedeliryo

habang nakapikit. Naupo ang dalaga sa tabi nito at ipinunas muna ang mga kamay sa laylayan ng suot na manipis at maluwang na puting kamiseta bago marahang inalis ang mga bagay na dumikit sa gilid ng mukha ng lalaki.

“That f*cking hurts... shit!” hirap na bulong ng estranghero habang pilit iginagalaw ang ulo.

Umarko ang kilay niya. “Don’t move,” utos ni Violet habang nagtataka kung bakit tila mas nagreact siya sa magandang boses kaysa sa pagmumura nito. She moved closer and gently lifted his head. Nabahiran tuloy ng dugo ang kamay niya. *Shit!*

“I thought... don’t move?” mahinang tanong nito na pilit idinidilat ang mga mata.

Noon niya mas napagmasdan ang mukha ng estranghero. His thick wavy hair framed an almost perfectly chiseled face. Expressive ang hazel brown nitong mga mata na may mahahabang pilik at mga kilay na kahit tila magulong tingnan ay bumagay pa rin dito. Pati na ang magandang hugis ng ilong at mamula-mulang labi, at ang five o’clock shadow na karaniwang hindi niya gusto. The man looked beautiful. She couldn’t take her eyes off the face before her.

“Ang sakit...” daing nito, dahilan upang tila magising siya at muling ininspeksyon ang pinsala ng estranghero.

Higit sa isang pulgada ang nakita niyang nahiwang balat sa kanang sentido nito, at doon nagmumula ang dugo. She felt for tender or sore spots in his head.

“Not the way you moved earlier. Saan pa masakit?” tanong ni Violet habang kinakapa ng isang kamay ang loob ng kanyang bag upang humanap ng magagamit sa pag-ampat ng pagdurugo.

But her towel was still damp with sweat and the only things in her bag were a half-empty water bottle and her phone.

Muling napaungol ang lalaki. “Everything... hurts.” Ipinikit nito nang mariin ang mga mata bago muling idinilat. Sa kabila ng sakit na halata sa guwapong mukha nito ay napangiti ang estranghero. “Wow...” His gaze moved from her face to her legs. “Buhay pa ako?”

“Unfortunately.” Pinanlakihan niya ito ng mga mata bago itinaas ang isang kamay. “Nakikita mo ba ito?”

Umarko ang kilay nito. “Yeah? Your lovely hand.

Kahit maugat,” he grinned.

Her heart jumped, much to her annoyance. *Ano ba? Shit!* Muling naramdaman ni Violet ang pag-agos ng dugo mula sa gilid ng ulo nito. “May panyo ka ba?” Umiling ito. “Tissue?” Muli ay umiling ang lalaki.

“Bakit?” usisa pa nito bago napamura nang makitang duguan ang kamay niya.

Nailing na ipinunas niya iyon sa basang face towel, na hindi niya talaga maatim gamitin para sa sugat ng lalaki. “Masakit ba ang ulo mo? Paano ka ba bumagsak?”

“I feel numb.” Namumutla na ito dala marahil ng nawalang dugo. She eyed his shirt and thought against taking it off. Hindi dapat masyadong ginagalaw ang mga naaksidente lalo na kung may posibilidad na nabalian ito.

Napapabuntong-hiningang minasdan niya ang lalaki bago iniangat ang laylayan ng kamiseta niya at sinimulang hubarin iyon.

“Holy... am I in heaven?” Kahit hirap ay halata sa boses nito ang pagkamangha... at tuwa.

“Shut up!” gigil na sabi ni Violet. May suot naman siyang light yellow tank top sa ilalim ng t-shirt niya.

Inilapat niya sa gilid ng ulo nito ang kamiseta, idiniin iyon at marahang ipinaikot sa ulo nito at ibinuhol. Dama niya ang unti-unting pag-iinit ng mga pisngi dahil matamang minamasdan ng estranghero ang bawat galaw niya. Pilit niyang ipinagwalang-bahala iyon habang dinadama naman ang mga pulso at ang dibdib nito.

“I’m Hudson. You’re...?”

Hindi kumibo ang dalaga. Sa halip ay patuloy siya sa pag-check kung may iba pa itong pinsala ayon sa abot ng nalalaman niya sa first aid. “Paano ka ba napunta dito? Para sa mga hikers ang trail na ito, hindi para sa mga sasakyan. Unless you really used the paved road and was just being reckless, driving so close to the side.”

“The latter. Pababa na ako at medyo inaantok pa. Sa itaas kasi ako natulog.”

“You did what?”

“I slept on top of the Punta. Pinagkasya ko ang sarili ko sa bench. It’s my first morning here and I wanted to see the sunrise.”

She rolled her eyes. “And the moon and stars when you fell. May tatlo siguro ang bukol mo, ’tapos may sugat pa.” Napailing siya. “Can you stand? O

kahit maupo man lang.” Tinapik niya ang braso nito. “Come on.”

Sumunod naman si Hudson na habol ang paghinga habang iniaangat ang sarili hanggang sa tuluyan itong mapaupo at sumandal sa gilid ng isang malaking bato. Iniayos ni Violet ang improvised bandage sa ulo nito, pagkatapos ay tumayo na siya.

“You actually look better without the shirt,” he commented, shamelessly checking her out.

Pinapagpag ni Violet ang kamay sa gilid ng shorts niya.

“And your legs—”

“Shut up!” saway niya. “Gusto mong masaktan pa lalo?” Iniumang niya ang kamao sa mukha ng lalaki.

Napangiwi ito. “Naaksidente na nga...”

Tiningnan lang niya nang masama ang kaharap. Lumayo siya habang nagda-dial sa cellphone. Ilang sandali pa ay kausap na niya si Darwin, ang anak ng caretaker niya sa bahay na inutusan niyang mamalengke kanina. Nagkataong pauwi na ito mula sa bayan, ngunit pinaderecho niya ito sa *Punta Del Mar* at siya na lang ang mag-uuwi ng pinamili nito.

“Saan ka nakatira?” baling niya sa lalaki.

“*Sa La Brisa.*” Kahit namumutla ay nagningning ang mga mata ni Hudson. “Ihahatid mo ako?”

Hindi siya kumibo. Lumapit lang siya sa motor at itinayo iyon.

“Whoa, ang lakas!”

Tuloy lang si Violet sa pag-aayos niyon. “May cellphone kang dala? Kung may kakilala kang puwedeng kumuha nito, papuntahin mo na. Mamahalin pa naman.” It was a *Ducati Monster*.

Kinapa ni Hudson ang bandang tagiliran. May cellphone case palang nakakabit sa sinturon nito at base sa ekspresyon sa mukha ay mukhang gumagana pa iyon. Ilang sandali pa ay narinig na niyang kausap nito ang kung sino. Nang matapos ay muli siya nitong kinulit.

“Can you, at least, tell me your name?”

Muli ay hindi sinagot ni Violet ang tanong nito. Sa halip ay nilampasan niya ito upang antabayanan si Darwin, na nakita na niyang paparating dala ang isang malaking striped eco bag.

“*Sa La Brisa* daw siya nakatira. Tulungan mo na lang makatayo. Mauuna na ako at pag may masasalubong akong tricycle, papupuntahin ko dito.”

Kinuha niya ang bag mula sa binatilyo.

“Akala ko ihahatid mo ako?” tila nagtatampo pang sabi ni Hudson.

Hindi niya alam kung bakit parang naantig siya sa nakitang expression sa mukha nito. Lalo tuloy siyang nainis. “Wala akong sinabing ganoon. Isa pa, hindi kita kaya.” Hinarap niya muli si Darwin at mahinang binilinan. “Kahit ano ang gawin ng isang iyan, huwag na huwag kang magbibigay ng impormasyon tungkol sa akin.”

Nakakaunawang tumango ang binatilyo na dinaluhan na si Hudson. Muli ay sinulyapan lang niya ang huli, na gusto niyang pagsisihan dahil tila nakikiusap ang mga mata nito. May lungkot din siyang nakita roon. Napailing siya, pagkatapos ay tumalikod na at mabilis na naglakad pauwi.

Tila nakikipagkarera iyon sa bilis ng pagkabog ng dibdib niya.

“You have to be with me next time, please? Baka abuso na pala ’yung ginagawa sa akin sa gym. Imagine, that mayabang trainer made me use all the equipment agad? Hello? Pinawisan tuloy ako and it is just so yucky. Eww!” Nangunot ang ilong ni Audi

habang patuloy ito sa pagra-rant tungkol sa katatapos lang na workout session.

“Hindi ba at iyon naman talaga ang purpose ng workout? ’Yung pawisan ka at para maaalis na din ’yang... extra...” Alanganing tiningnan ni Hudson ang kaibigan.

“Fats? Say it! Nahiya ka pa. I actually have layers... oh, my gosh!” Nasapo ng babae ng isang kamay ang magandang mukha nito.

Pasado alas cinco ng hapon, Lunes at nagkita sila ni Audi roon sa isang bookstore cum café na ang pangalan ay *Libretto*. Magkaibigan na sila simula noong mga bata pa kahit dalawang taon ang agwat nila. He was the youngest child and had always longed for a younger sibling, habang si Audi naman ay panganay at sabik din sa nakatatandang kapatid. Pareho pa silang itinuturing na pasaway ng kani-kanilang pamilya, kaya madaling nag-click ang personalities nila hanggang sa paglaki.

At ngayong pareho silang ’ipinatapon’ ng kani-kanilang pamilya sa hometown ng mga ito—ang Del Mar, tinitiyak nilang lagi pa rin silang nariyan para sa isa’t isa.

Kahit pa ba minsan ay naririndi siya sa kaingayan,

kaartehan at pagiging magulo ng utak ni Audi.

“Noong isang araw kaya binatang mo pa ako dahil lang sinabi kong halata ang bilbil mo sa suot mong blouse. You didn’t even take into consideration that I was still sore from my accident then,” pagpapaalala ni Hudson sa babae.

Audi pursed her glossy red lips. Kahit nagrereklamo sa workout program nito ay talagang nakuha pa ring maglagay ng makeup. Hindi mababakas sa hitsura nitong kagagaling lang sa gym.

“Alam mo namang ngayon ko lang nare-realize kung gaano ko talaga napabayaang ang sarili ko.” Lumalam ang mga mata nito. “Sorry na.” Nagpapaawang pinakurap-kurap pa ni Audi ang mga matang may pilik talagang nagawa rin nitong lagyan ng sparkly blue mascara.

Napailing siya. “Oo na... matitiis ba kita?” sabi ni Hudson at itinuro sa babae ang pagkain nito. “Finish that,” utos niya bago napatingin sa kabubukas lang na pinto. Pumasok ang isang pareha, na kapwa pamilyar sa kanya.

The man was someone he interviewed for an investigative series before—Mireo Wallgreen. Ang kasama nitong babae ay walang iba kundi ang

nagbigay sa kanya ng first aid nang maaksidente siya noong Sabado ng umaga.

Kaagad ang pagsikdo ng dibdib ni Hudson. The woman had her long hair down. Lampas-balikat iyon at nakahawi sa isang side. May suot itong salamin at gaya ng kasama ay derecho ang tingin sa counter.

Nang dumaan ito sa tabi ng mesa nila ay halos mapapikit siya. Her faint scent lingered, reminding him of white lilies and the morning breeze. At kahit balot na balot ang babae sa suot na checkered button-down shirt, slim jeans at hiking boots ay parang nakatatak na sa isip niya ang ayos nito noong daluhan siya at bigyan ng first aid.

“What is it with women in this town? Ang daming pretty pero *que horror* naman ang fashion sense!” Napapalatak si Audi at napailing.

Umarko ang kilay niya. “Yes?”

Nanlaki ang mga mata nito. “Duh? Hindi mo nakita ’yung dumaan? I have been seeing her here simula nang dumating ako and she was always in that hideous ensemble. Sayang ang figure.”

I already know she has a hot body underneath... he wanted to add. Pasimpleng sumulyap siya sa babaeng ngayon ay animated na kausap ang isang barista na

mukhang ka-close nito.

“And then there’s the owner of this place na galit-galit ang kulay ng mga isinusuot like, is she a freakin’ clown or something?”

Napangiwi siya sa komento ni Audi. Passionate ito sa pagbibigay ng opinyon sa fashion at kakikayan. Tiningnan niya ang mga babaeng binanggit. “Shh... hayaan mo na. Diskarte nila iyon.”

She simply shrugged. “Sayang, eh. Ako ngang maganda at fashionista, nakakaramdam pa ng insecurity, sila kayang parang hinugot sa pre-war era ang wardrobe?” Walang bahid ng discretion na sumulyap muli ito sa babaeng nakasuot ng checkered polo, pati na sa isa pang babaeng katabi ng barista at marahil ay iyong tinutukoy ni Audi na mala-clown na di mawari ang hitsura, bumawi lang sa magandang mukha.

But Hudson couldn’t take his eyes off the lovely creature now walking toward a corner table. Kasunod nito si Mireo na tila alinlangan pang iwan ang counter. Nangunot ang noo niya. May ugnayan kaya ang dalawang ito? Mukhang kilala na ng mga ito ang isa’t isa.

“Nakatabi ko sa flight going here ’yung *muy*

delicioso na 'yun at di umepek ang ganda ko! Mga baduy pa yata ang type. Hay..." Naiiling na nilarularo ni Audi ang straw ng grapefruit smoothie nito.

Hudson blinked. Parang hindi niya kayang tanggapin na boyfriend na ng magandang rescuer niya si Mireo. Nang mag-excuse si Audi upang tanggapin ang tawag sa cellphone nito ay sinamantala niya iyon upang tumingin sa puwesto ng magandang rescuer niya. Matamang nag-uusap na ito at si Mireo. May ilang pagkakataong tila pinaglalapit pa ng dalawa ang mukha ng isa't isa at nang hindi na niya iyon matagalan ay kinalabit niya si Audi. Iminuwestra niyang lalapit lang kay Mireo, na distracted na tinanguan lang nito.

Malalaki ang hakbang ni Hudson patungo sa corner table. When Mireo saw him, the former nodded in recognition. Pinagbunggo nila ang mga kamao bago siya tumingin sa kausap nito. "Hi!" nakangiting bati niya.

Tutok pa rin kay Mireo ang mga mata ng babae. Nangungunot din ang noo nito.

"I'm Hudson," nakangiting pakilala niya sa babaeng tila walang balak tumingin sa kanya. "I haven't thanked you yet for what you did last Saturday. So..." Pinanatili niya ang ngiti saka nagpatuloy, "thank

you. Really, if you hadn't been there—”

“You're welcome,” mahina ngunit mariing sabi nito bago saglit na tumingin sa kanya. Napailing ang babae at sumimsim sa mug ng inumin.

“May I, at least, know your name?”

Patuloy lang sa pag-inom ang babae hanggang sa maubos iyon pagkatapos ay tumayo na. “I think I should go home. Umaatake na ang migraine ko.”

“Ihahatid na kita,” boluntaryo niya.

Pinanlakihan lang siya nito ng mata. “I have a car.”

Sinundan niya ito ngunit kaagad humarang sa kanya si Mireo, kaya nagawa ng babaeng dumerecho palabas ng *Libretto*.

“Don't push it. Give it time, Pare. Duda talaga ang isang iyon sa mga dayo.”

“What's her name?”

He sighed. “I'm sorry. At kung plano mong tanungin ang lahat ng narito then go ahead. At good luck kung may magsasabi sa iyo.” Iyon lang at nagbalik na ang lalaki sa mesa nito.

Hindi na tuloy nag-aksaya ng panahon si Hudson.

Lumabas na rin siya at hindi pinansin ang pagtawag ni Audi.

Pero wala na siyang naabutan sa parking area.

Kung ganitong tila tikom ang lahat sa gusto niyang malaman, paano niya makikilala ang tagapagligtas niya?

2

Kanina pa hindi mapakali sa opisina ng *North East Mining* si Violet. Si Mireo na nangakong iti-treat siya ng lunch, na kating-kati na rin siyang kulitin kung bakit, ay wala pa rin hanggang ngayon. Pasado alas doce na ng tanghali.

Kanina pa nagrereklamo ang tiyan niya. Naubos na rin niya ang candies na dala. Kung bakit kasi sinunod pa ng dalaga ang sinabi ni Mireo na huwag nang magbaon ng pagkain! Napasandal siya sa kinauupuan. Kukunin na sana niya ang malaking mug sa mesa at sasairin ang lamang tubig niyon nang marinig ang marahang pagkatok.

Tumaas ang kilay ni Violet. *Finally!* Tumayo siya at inilang hakbang lang patungo sa pinto. “Ang tagal mo!” sita kaagad niya nang mabuksan iyon. “Why did you—”

The one at the door was definitely not Mireo, who would never smile the way this man was smiling at her, as if he just stepped into paradise.

“Hi,” bati nito, hindi naalis ang ngiti at tila nangingislap pa ang mga mata.

Napaatras siya. “What are you doing here?”

Sinamantala naman iyon ng lalaki upang makahakbang papasok. “Here to see you?”

“Wala kaming job vacancy, at kung may ibinebenta ka man, hindi ako interesado.” Iminuwestra niya ang nakabukas na pinto. “You can leave now.” Gusto niyang murahin ang sarili dahil hindi niya maintindihan ang nararamdaman. She could just easily push or kick this man out of her sight, but her limbs seemed to have gone weak. Kumakabog din ang dibdib ni Violet at tila pangangapusan siya ng hininga anumang sandali.

The man closed the door behind him. His lips were still curved into a smile, but his eyes were more intent now. “I’m Hudson.” He held out a hand.

She just narrowed her eyes at him.

He sighed. “Okay, Violet.” Itinaas nito ang isang paper bag na hindi kaagad niya napansing dala pala nito. “I just want to give this back to you.”

Ngunit ang mas nagre-register sa dalaga ngayon ay ang narinig na sinabi nito. He called her ‘Violet’. Sino ang taksil na nagbigay rito ng pangalan niya? Kilala niya ang halos lahat ng tao sa bayang ito, pati na ang mayor na ninong niya sa binyag. Lahat ay

alam na rin marahil ang pinagdaanan niya. All knew better than to let any stranger get to her. Especially this one.

Kahit halu-halo na ang kaba, inis at pagtataka sa mga nararamdaman ay sinalubong pa rin ni Violet ang tingin nito. “I am not interested.”

“Oh, yeah?” His brow arched. Kinuha ni Hudson ang laman ng paper bag. Ang t-shirt niya iyon na ginamit niyang pantapal sa sugat nito noong Sabado, na maayos na nakatiklop at mukhang plantsado pa. Nangangamoy rin ang mabangong fabric conditioner na puro yatang ipinangbanlaw roon.

Hinablolot niya ang t-shirt mula sa kamay nito. “Okay, thanks. Now you can go.”

“Ako dapat ang magpasalamat.” Hindi ito natitinag sa kinatatayuan. “Kung hindi mo ako tinulungan, baka naubusan na ako ng dugo.”

“OA ka. Hindi naman kalakihan ang sugat mo.”

“But you chose to help. S’abi ni Darwin, bihira daw ang taong nagagawi sa lugar na iyon nang ganoon kaaga.” Ikiniling nito ang ulo. “I didn’t get your name from him, by the way. Ang tindi ng loyalty sa iyo ng batang iyon.”

She just stared at him, willing for him to leave. But he didn't.

Itinuro nito ang hawak niyang t-shirt. “Ako ang naglaba niyan. Machine and handwash ’tapos ibinabad ko sa *Downy* anti-bac ng thirty minutes at pinlantsa ko pa,” nakangiting saad nito.

She rolled her eyes. “Halata nga.” Itinaas niya ang kamiseta. Nangati yata ang ilong niya sa tindi ng bango niyon. But then she caught a whiff of something else. Napasinghot siya.

“That’s a man’s shirt.” Humakbang palapit si Hudson. “I tried it on and—”

“What?” bulalas ni Violet, biglang nailayo sa mukha ang kamiseta. Ngayong mas malapit ito ay mukhang alam na niya kung ano pa ang kanyang naaamoy.

Something fresh and clean and very manly. Hindi alam ni Violet kung galing ba iyon sa hawak na t-shirt o sa lalaking kaharap niya.

Na ang guwapo at ang tikas tingnan sa suot na light green collared shirt at faded jeans.

Na nagtataglay na yata ng pinakamagandang ngiting nakita niya.

Na hindi niya maunawaan kung bakit nagugustuhan niya kahit... *Wait! What?* She was supposed to get rid of this man right now!

“I had to check kung kasya. Snug fit lang,” he continued with a sheepish smile.

Incredulous na tiningnan lang niya ito. “Do you need anything else?”

Napakamot sa batok ang lalaki. “I was about to invite you to lunch.”

Pagkarinig ng salitang ‘lunch’ ay naramdaman niya ang tila pagsang-ayon ng kanyang tiyan. “Not interested, either. May kasama na akong magla-lunch.” Matalim na tiningnan ito ni Violet. “If you can just leave, please.” Inilapat niya ang mga kamay sa dibdib nito, kasama na ang t-shirt at itinulak ang kausap.

Ngunit halos hindi natinag si Hudson sa kinatatayuan. Hinawakan pa siya nito sa magkabilang braso at pinakatitigan. “Are you okay, Violet? You look pale.”

Napahugot siya ng hangin. “Ganito lang talaga ng kulay ko.” Muli niya itong sinubukang itulak, ngunit nanghihina na yata siya at bahagyang nahihilo sa gutom. Milk tea at peanut butter sandwich lang

ang inalmusal niya, at five hours ago pa iyon. *Mireo, nasaan ka na?*

“Gutom ka.” Bumaba ang kamay ng lalaki at hinuli ang kamao niyang nakalapat sa dibdib nito. “Ang lamig din ng kamay mo.”

Hinila ni Violet ang kamay mula rito. Nag-iwas din siya ng tingin. Hindi niya gusto ang nakikitang tenderness mula sa mga mata ng kaharap. “May kasama na akong mag-lunch,” ulit niya.

“Ikaw lang mag-isa dito.”

“I am waiting for someone.” Tumalikod siya at inilagay ang t-shirt sa coffee table sa gitna ng maliit na reception area.

“Then he is taking too long in getting here.” Humakbang muli palapit si Hudson. Hinawakan nito ang braso niya. “Come on, you need to eat. Kahit sa *Libretto* na lang tayo.”

“No, I will wait.” Minasdan niya ito. “Please just leave.” Ipiniksi niya ang braso bago ubod-lakas itong itinulak muli paatras sa pinto. Ngunit dahil matangkad at hindi inaasahang magagawa niya itong itulak ay bumangga ang likod ng binti ni Hudson sa couch, dahilan upang mawalan ito ng balanse at mapahawak muli sa magkabilang braso niya.

Nang bumagsak sa couch ay dala siya nito. And she was practically straddling his thigh as her hands lay flat on his chest.

“Violet, I thought you want me to leave?” Namimilog ang mga mata ni Hudson, tila gulat na gulat. Yet they seemed to dance with mischief. “Kumain muna tayo, then I’m yours the whole afternoon. Hanggang gabi pa kung gusto mo.” His hands went to the small of her back.

Kumuyom ang kamao niyang nasa dibdib nito. “You jerk!” Bumuwelo siya upang ilayo ang katawan, ngunit hinigpitan nito ang halos pagkakayakap sa kanya.

“Dahan-dahan, baka mahilo ka na naman.” Maingat na inalalayan siya nito sa braso. Violet could feel her cheeks burning. Her heartbeat raced as she tried to extricate herself from his arms.

“Yeyet! I am so sorry. Pasensya na talaga. May— Oh, shit!”

Sabay pa silang napatingin sa pintong hindi nila namalayang bumukas pala. Nakatayo roon si Mireo. Magkahalo ang pagtataka at gulat sa guwapong mukha nito, na kaagad napalitan ng makahulugang ngiti bago ito tumalikod at lumabas na.

“Mireo! Wait!” tarantang sabi ni Violet. Asar na bumaling siya kay Hudson at hinampas ito sa dibdib bago tuluyang inilayo ang katawan dito. My God! What was she doing? Why did she ever linger in his arms when she could easily pull herself away? Halos magkandarapa siya palabas ng pinto patungo sa hallway kung saan naghihintay si Mireo.

“Ano’ng nakakatawa?” asik niya sa kaibigan na nanunudyo pa rin ang tingin sa kanya.

“Sorry.” Pilit nitong ginawang seryoso ang mukha. “Gan’un ka pala, ha. What do they call that these days? That dominatrix thing when it comes to—”

“Shut up!” Marahan niyang itinulak ito patungo sa dulo ng hallway. “Now, explain to me why you’re late.”

Malungkot na nakatingin si Hudson sa parehang nag-uusap sa dulo ng hallway. Ilang araw rin siyang nagtanung-tanong tungkol kay Violet at inalam ang ilang bagay tungkol dito.

He didn’t get anything from the townsfolk. He felt bad that he got all that he needed to know from *Google*. Tila wala itong online presence dahil wala

sa mga social networking sites, but her name and an old photo came up in news articles.

And on top of the search results was an article he wrote, as *H. Ryan Preuss*. A long, nine-page feature, in fact. Isa iyong exposé sa kaugnayan ng kapatid nito sa isang graft case. Naging malaking eskandalo iyon dahil bukod sa kapatid ni Violet ay ilang mayor din ang dawit doon, pati na ang ilang kongresista.

It was major news years ago. Hanggang ngayon ay nasa korte pa rin ang kaso, bagaman nalinis na ang pangalan ng kapatid ni Violet. The damage has been done, though. They already issued a public apology, but the libel case against him was still in court.

It was the only time he ever got a report wrong, but at least, he was also able to uncover a bigger conspiracy among those erring public officials. May mga idinadamay at napi-frame up ang mga ito, at kabilang doon ang kuya ni Violet.

The mysterious Violet Belle Pelaez, who, from being a rising star in the advertising industry, chose to retreat to her hometown years ago and lived like a recluse.

He had no idea what she went through all these years, kung bakit mailap ang babae ayon sa ilang

napagtanungan niya. The people of Del Mar wouldn't give him any more details.

Kung pumalya ang tinik ni Hudson sa research at pag-imbetiga tungkol dito dati ay lalong wala iyong nagawa ngayon.

He normally would just quit it when a woman says she is not interested, which rarely happens. Women swarmed around him like flies. Ang mga immune lang sa charms niya ay iyong mga taken na. Hindi niya ugaling manulot ng girlfriend, kaya kapag ganoon ay nagmo-move on kaagad siya.

Pero mukhang magiging exception doon si Violet. Ni hindi nga siya sigurado kung may ugnayan ito at si Mireo kahit pa ayon kay Audi ay madalas na magkasama ang mga ito.

She lingered in his arms. Hudson saw the flicker of panic and uncertainty in her eyes. Yet instead of quickly moving away she kept holding onto him, as if she really wanted to stay... but couldn't.

Or was he just reading too much into what he saw? Bakit naroon pa rin siya, nakatayo sa tabi ng pinto kahit hindi niya nagugustuhan ang nakikita? Magkalapit ang mga mukha nina Violet at Mireo habang seryosong nag-uusap ang mga ito. Ano ba

ang hinihintay niya?

Mayamaya lang ay magkasunod nang naglalakad sa hallway ang dalawa... palapit sa kanya. Nakataas ang isang kilay ni Violet habang derecho ang tingin sa kanya. Huminto ang dalaga, kinuha ang susi na iniabot ni Mireo at ini-lock amg pinto ng opisina.

“How about dinner later, Violet?” hindi pa rin sumusukong sabi ni Hudson. “I can wait.”

“But I don’t want to have dinner with you later... or tomorrow. Or... ever,” hindi tumitinging sagot nito sa mahinang boses. Bumaling ito kay Mireo. “Let’s go.”

Frustrated na naiuntog ni Violet ang ulo sa manibela ng sasakyang minana pa niya sa yumaong ama. Maglalabindalawang taon na iyon at madalas na siyang bigyan ng problema. Pero huwag naman ngayong pasado alas ocho na ng gabi at nasa medyo liblib na daan siya ng Del Mar. Galing siya sa isang simpleng salu-salo para sa kaarawan ng asawa ng isa sa mga minero niya. Napasarap ang kuwentuhan kaya ngayon lang siya papauwi. Tatlong kilometro na lang at nasa bahay na siya ay saka pa nasiraan.

Flat ang dalawang gulong niya. Iisa lang ang

spare. May gamit naman siya upang mapalitan iyon at torch light upang mailawan ang gagawin niya kahit papaano. Kaya lang ay naiinis pa rin si Violet dahil hindi niya ina-anticipate ang kamalasang ito.

Bumaba siya ng sasakyan, binuksan ang rear door at kinuha ang tool box. Sunod na ibinaba niya ang spare tire na nagpangiwi sa kanya dahil may kabigatan iyon. Habol ang paghingang binuksan niya ang toolbox bago ipinosiyon ang torch light upang makita ang ginagawa.

She was about to pry the wheel cover when she heard the roar of a motorcycle. Marahil ay isa iyon sa mga pulis na nagroronda. O kahit sino, basta makahingi lang siya ng tulong.

Tumayo siya at ipinagpag niya sa gilid ng pantalon ang mga kamay nang huminto ang motorsiklo.

Tiningala niya ang bagong dating. “Manong, pakitulungan naman ako. Hawakan mo lang itong torch, kaya ko na itong gawin mag-isa.” Nakangiting iaabot na lang sana niya ang ilaw kung hindi lang niya napansin kung sino ang rescuer niya.

“Violet?” It was Hudson.

3

Go away! Violet silently told Hudson as he got off his bike. Bitbit ang helmet na lumapit ito at nakatingin sa nakatakda niyang gawin.

“Hawakan mo ’yang torch. Let me do it.” Naupo ito sa tapat niya at akmang hahawakan na sana ang gulong, ngunit pinalis niya ang kamay nito.

“No. Ikaw na dito sa torch,” pagmamatigas niya.

“Violet, mabigat ’yan,” giit nito.

“I know. But I have done it before,” matigas na pahayag niya. Muli niyang iniabot ang torch kay Hudson. “Hold it.”

He raised a brow.

She bit her lip. Where are her manners? “Please?”

Napangiti ito, mukhang tuwang-tuwa pa sa narinig. Paano nga ba ang naging tunog ng boses niya?

“Say that again.” He was grinning now. Naupo ito sa tapat niya, hindi pa rin kinukuha ang torch.

“Kung ayaw mong tumulong, eh, di huwag!”

angil niya bago inayos ang torch sa hood ng sasakyan. Inagapan naman iyon ng binata.

“Sabi ko nga hahawakan ko na ito.” Kinuha nito ang torch, in-adjust ang ilaw at itinapat iyon sa mukha niya. “Game!”

Asar na tinapunan lang ito ni Violet ng tingin bago itinutok na ang atensyon sa ginagawa. Madalas ay madali niyang naalis ang depektibong gulong, pero sa pagkakataong iyon, hindi niya alam kung bakit parang ang hirap niyong gawin.

“Are you sure you can do it?” untag ni Hudson.

“Yes! Huwag ka ngang magulo!” Hindi siya tumitingin dito habang itinutuloy ang ginagawa. Hindi kailangang malaman ng lalaking ito na distracting ang presence nito.

Hudson was watching her with that annoying playful glint in his eyes, and it was unnerving.

Tuluyan na niyang naalis ang tire cover nang may mamataan siyang paparating na sasakyan. She heaved a sigh of relief when she recognized it was Mireo’s car.

Inihinto niya ang ginagawa. From the corner of her eyes, she saw Hudson didn’t look pleased.

“S’abi na kasing hayaan mo nang mag-retire ang isang ito, Yet.” Kaagad siyang nilapitan ni Mireo, kasunod ang nakilala niyang isa sa mga security guards sa minahan na sumaludo sa kanya. Nagulat pa ito nang mapansin si Hudson. “O, may kasama ka na pala.”

“He was not with me, napadaan lang.” Sinenyasan niya si Hudson na tumayo na. “Thank you. You can leave now.”

“What?” incredulous na tanong nito.

“Eh, ano pa’ng gagawin mo dito, narito na ang taong hiningan ko talaga ng tulong?” Pinamaywangan niya ito.

“Yeyet, I think you should go home, too,” sabad ni Mireo. “Kaya na namin ito ni Gener,” tukoy nito sa isa sa night-shift guards nila.

“Paano ako uuwi, eh, aayusin n’yo nga ang auto ko?” Tumingin siya sa sasakyan nito. “Hindi ako gaanong sanay sa automatic, Mireo. Ang dilim pa sa daan.”

Nangunot ang noo ng lalaki. “Who said I will let you drive my car?” Bumaling ito kay Hudson. “Pare, di ba taga-Pablo ka naman? Baka puwedeng ihatid mo muna siya.”

“Mireo, flat tire lang ang problema, puwede kong hintaying mapalitan ninyo. Mamaya na ako uuwi.”

Umarko lang ang kilay ng kaibigan ni Violet. “Tlang beses ka nang binigyan ng problema nitong jurassic mong sasakyan this past month, Yet? We are taking this to the shop next town. Natawagan ko na ang magto-tow. Huwag ka nang mag-alala sa gastos at naitawag ko na sa kuya mo at magpapadala siya ng pambayad. Ewan ko ba kung bakit masyado kang kuripot, kaya mo namang bumili ng bago.”

Nag-iinit ang mga pisnging nakatingin lang si Violet sa kaibigan na hindi siya makapaniwalang sinesermunan siya ngayon, and even giving a bit of family information right in front of Hudson!

“Then I am going with you. Mamaya na ako uuwi,” giit niya.

“May maaga kang meeting bukas sa kapitolyo with the provincial engineer para sa schedule ng inspections for the permits,” Mireo reminded her.

Shit! At hirap pa naman siyang gumising nang sobrang aga. “Fine!” Tumingin siya kay Hudson, na ngayon ay ngiting-ngiti na. “Mireo, he’s driving a freakin’ bike! Hahayaan mong umangkas ako sa ganyan?” She pointed at the big, colorful motorbike.

“Yet, Hudson is a known—”

“I have never had any accident in this bike, Violet. I assure you I am a safe driver,” putol kaagad ni Hudson sa sasabihin sana ni Mireo na sandaling nangunot ang noo bago napangiti.

“I’m sure you can trust him and he would be very careful, Yet. Come on.” Halos ipagtulakan siya ng kaibigan kay Hudson. “Buong araw ka nang nagtatrabaho sa minahan. You should rest.” Hinawakan siya nito sa braso at sa panggigilalas ng dalaga ay parang father of the bride na ibinigay siya kay Hudson—na nakangiting sinuotan siya ng helmet.

“Wait, medyo malamig na.” Sinimulang alisin ni Mireo ang jacket nito.

“Wait, Pare. Ako na lang,” pigil dito ni Hudson, at sinimulang hubarin din ang jacket nito. “Masyado ka nang guwapo, eh, tapos maghuhubad ka pa.”

Natatawang iniwan na sila ng kaibigan niya at pinuntahan ang kanyang sasakyan.

Hindi makapaniwalang nagpalipat-lipat lang ang tingin ni Violet sa dalawang lalaki. Ngayon ay inilalagay na ni Hudson ang jacket sa balikat niya.

It was still warm. Tahimik na isinuot iyon ni Violet habang sinusubukang huwag pansinin na ang bango rin niyon at ang sarap sa pakiramdam nang maisuot niya.

Hudson got the bike ready. Bahagyang umusad ito sa tabi niya, nakangiti. “Hey, you look hot in my jacket.”

“It is warm, thanks,” she curtly said.

“Just hop in and hold tight.” Nakangiting iniabot nito ang isang kamay. Wala siyang choice kundi tanggapin iyon.

He held her firmly, but gently as he slightly adjusted his place on the bike to accommodate her. Mabibilang niya sa daliri kung ilang beses siyang sumakay sa motor at kabado siya everytime.

Pero ito yata ang pinakamatindi sa lahat ng kabang naramdaman niya. More because she was now practically hugging Hudson from behind and he was still holding both of her hands.

“Puwedeng sa balikat ka na lang humawak... kung saan ka komportable.” He slightly turned his head to look at her. Muntik na siyang mapasigaw dahil halos nakadiin na ang baba niya sa balikat nito. Their faces were too close. His warm breath tickled

her face. His eyes darkened as he looked at her.

“I’m... I’m okay,” she breathed. She held on tighter.

Kumurba ang mga labi nito sa isang ngiting hindi niya matantya kung nanunudyo o sadyang masaya lang.

“Relax. I’ll take care of you.” He mouthed a kiss before he turned and started the engine.

Nasa daan na sila ay tila hindi pa rin humuhupa ang kaba ng dalaga.

Hudson was finding it difficult to keep his focus on the road. Hindi niya alintana ang lamig ng gabi dahil sapat na ang init na nagmumula sa yakap ng babaeng nasa likuran niya. He could feel every curve of her soft body pressed against his. She held onto him as if she had no plans of letting go.

Or maybe she was just nervous. Right. Bakit ba masyado niyang binibigyan ng kahulugan ang bawat galaw ng babaeng ito? She could be committed to Mireo for all he knew. Hindi nakaligtas sa kanya na tila nakakita ng knight in shining armor kung tingnan ito ni Violet kanina, at parang ayaw nitong iwan ang

lalaki.

“Can you... can you slow down a bit? Lalong lumalakas ang tama ng hangin.”

Bahagyang nilingon niya ang angkas. “Sorry.” Dama na niya ang bahagyang pangininginig nito. “Ginawin ka pala.”

Hindi na muling kumibo ang kasama niya. Hinigpitan lang nitong lalo ang hawak sa kanya.

“We’re here.” Tinapik ni Hudson ang kamay ng dalaga nang huminto sila sa tapat ng gate ng isang simpleng two-storey house. Naramdaman niya ang malalim na paghigit ng hininga ng babaeng nasa likuran niya bago lumuwag ang pagkakayakap nito.

But he caught her hand, gently raised it to his lips and kissed the back of her fingers as she stared at him, wide-eyed.

“What the hell are you doing?” Kaagad nitong binawi ang kamay bago mabilis na tumayo upang bumaba sa motorbike. Muli ay nabigla na naman marahil ang paggalaw ni Violet dahil muntik na itong matumba paatras.

He caught her by the arm. “Relax, masyado ka namang excited na makauwi.”

She smirked. “But of course! At excited din akong makalayo sa iyo.” Pumalag ito mula sa pagkakahawak niya bago inalis ang suot na jacket. “Thank you. Good night.”

“Gan’un lang?” Tumaas ang isang kilay niya bago tuluyang umibis sa bike. Lumapit siya kay Violet na napaatras sa gate habang kinakapa sa bag na dala ang susi.

Napabuntong-hininga si Hudson. “I am not going to attack you or anything, Violet.”

Nangunot lang ang noo ng dalaga bago tumalikod at binuksan na ang wrought-iron pedestrian gate. Tinabihan niya ito.

“So, I will see you tomorrow?”

Nakaarko ang kilay nito nang bumaling sa kanya. “Did we agree to do anything tomorrow?” mataray na tanong nito bago napailing at itinulak na ang gate. “I’m sorry. Hectic ang araw ko bukas.”

“The day after that?” he asked hopefully.

Matamang nakatingin lang sa kanya ang kausap habang nakahawak ito sa rehas ng gate. Hudson was expecting another curt reply, another rejection. Instead, emotions shifted in her eyes as if she was

battling something inside of her, until she finally, slowly nodded.

“Okay, Hudson.” Magkahalo ang lito at pag-aalinlangan sa magandang mukha nito. “Another day.”

Ilang segundong hindi kaagad siya naka-react. Tama ba ang narinig niya? Did the very elusive Violet agree to see him soon?

“Did you just... say yes? Yes, you will see me?”

“Yes, may problema ba?”

“Wala!” Hindi alam ni Hudson kung ngingiti o tatawa o magtatatalon sa tuwa. He had never felt this happy and thrilled in ages. Kung hindi lang siya takot na magbago ang isip ni Violet, baka nayakap na niya ito.

“So, I will see you again... breakfast? Lunch? Coffee? Dinner?” *Will you be mine? Will you marry me? Why am I this excited?*

“Bahala ka,” anitong nagkibit-balikat. Tumingin si Violet sa direksyon ng bahay nito. “Hudson, I have to go,” tila naiinip nang sabi ng dalaga.

Tinapik niya sa braso si Violet. “Okay, I’ll see you.” *Really, Preuss? Just a pat on the arm? You don’t*

seriously feel the need to grab her and taste those lips? They look so inviting... “I’ll see you,” ulit niya bago huminga nang malalim.

“Ayos ka lang ba?” Gumuhit ang pag-aalala sa mukha ng babae.

Are you going to invite me in, Violet? Because I will definitely say yes! “I’m good! So good, in fact.” He grinned, then gave a thumbs-up sign. “I’m going.” He waved his hand.

Marahang tumango ito. Mukhang nawi-weird-an na sa kanya. “Good night.”

He breathed deeply again. “Good night.”

Saglit na kumaway si Violet bago pumasok na sa bakuran at ini-lock muli ang gate. Hinintay ni Hudson na makapasok ito sa bahay bago lumulan sa motor at binagtas ang daan patungo sa *La Brisa*, na wala pang isandaang metro ang layo. Nai-lock na niya ang motorbike sa garahe ay hindi pa rin siya makapaniwala.

He was relieved that he would be seeing Violet and be with her again, and this time he knew he won’t be told to go away.